

Plenary 2020

Pakikinig at Pag-uusap



SAMA-SAMANG
MAGDASAL



BASAHIN ANG
TANONG AT
PAG-ISIPAN



MAKIBAHAGI
AT MAKINIG



MAGDASAL
AT TUMUGON

01

SAMA-
SAMANG
MAGDASAL

Ikaw ay inaanyayahan upang sama-samang magdasal. Maaaring nais mong bumasa ng banal na kasulatan, magagamit mo ang mga nakasulat sa ibaba o makipag-usap lamang sa Diyos mula sa iyong puso.

Halina, Espiritu Santo ng Pentecost

Halina, Espiritu Santo ng malawak na Lupain sa Timog.

O, Panginoon, basbasan at pag-isahin ang lahat ng iyong mga tao sa Australya at patnubayan kami sa peregrinong lakbayin ng Plenary Council.

Bigyan kami ng kagaanang-loob upang makita ka sa mukha ng bawa't isa at upang kilalanin si Hesus, ang aming kasama sa paglalakbay.

Bigyan kami ng lakas ng loob na magsabi ng aming mga kuwento at lakas-loob na magsabi ng iyong katotohanan.

Bigyan kami ng mga pandinig upang makinig nang may kapakumbabaan sa isa't isa at ng pusong mapag-unawa upang marinig ang iyong sinasabi.

Akayin ang iyong Simbahan sa isang kinabukasang puno ng pag-asa, upang tayo ay makapamuhay sa ligaya ng Ebanghelyo.

Sa pamamagitan ni Hesukristo, ang ating Panginoon, ikabubuhay para sa paglalakbay sa anumang kapanahunan.

Amen.

Aming Birhen ng Saklolo para sa mga Kristiyano, panalangin mo kami.
Santa Mary MacKillop, panalangin mo kami.



DIOCESE of
PARRAMATTA

Pastoral Planning Office

Diocesan Ministry Centre, 51–59 Allawah St, Blacktown NSW 2148

☎ 02 8838 3460 📠 02 8838 3462 ✉ pastoralplanning@parracatholic.org

Plenary 2020

Pakikinig at Pag-uusap



SAMA-SAMANG
MAGDASAL

BASAHIN ANG
TANONG AT
PAG-ISIPAN

MAKIBAHAGI
AT MAKINIG

MAGDASAL
AT TUMUGON

02

BASAHIN ANG
TANONG AT
PAG-ISIPAN

ANO SA PALAGAY MO ANG HINIHING
SA ATIN NG DIYOS DITO SA AUSTRALYA
SA PANAHO NG ITO?

PAG-ISIPAN NANG TAHIMIK ANG TANONG

- Ilista ang lahat ng mga maiisip na tugon sa tanong na ito.
- Ibahagi nang malakas sa isa't isa ang lahat ng tugon na isinulat mo.
- Tulung-tulong, pumili ng isang paksa mula sa inyong mga tugon na tututukan ninyo para sa Hakbang 3.
- Ang unang paksa para sa ating pakikinig at pag-uusap ay:

03

MAKIBAHAGI
AT MAKINIG

Maaari ninyong ulitin ang Hakbang 3 para sa bawat paksa na nasa listahan ng inyong mga tugon. Maaaring naisin ninyong magpulong muli sa darating na mga linggo at buwan upang patuloy na makipag-usap sa isa't isa gamit ang mga hakbang na ito.

PAG-ISIPAN // ANO ANG NAGING KARANASAN KO SA PAKSANG ITO?

Pag-isipan nang tahimik ang iyong personal na karanasan ng paniniwala, buhay at Simbahan na kaugnay sa paksang pinili ninyo upang pag-usapan. Maaaring naisin mong isulat ang nasasaisip mo, o maupo lamang nang tahimik at mag-isip.

MAKIBAHAGI AT MAKINIG // MAGKUWENTO NG AKING KARANASAN SA PAKSANG ITO.

Maghalinhinan sa pakikibahagi nang malakas sa isa't isa ng inyong personal na karanasan ng paniniwala, buhay at Simbahan. Kapag may nagsasalita, tandaang makinig nang may pusong bukas ay mapagkumbaba.

PAG-ISIPAN // PAANO NAIMPLUWENSIYAHAN NG IBA ANG AKING KURU-KURO?

Matapos makibahagi ang bawat isa, pag-isipan nang tahimik kung paano naimpluwensyahan ang iyong sariling kuru-kuro ng mga kuwento ng ibang tao. Maaaring naisin mong isulat ang nasasaisip mo, o maupo lamang nang tahimik at mag-isip.

MAKIBAHAGI // PAANO NAIMPLUWENSIYAHAN NG IBA ANG AKING SARILING KURU-KURO?

Ipakita na nakinig kang mabuti at bukas sa bawat isa. Ang ilang mga parirala na maaaring makatulong sa iyo ay: 'Nadama ko na ang pakikibahagi mo ay nakatulong sa akin na...' o 'Mula sa ibinahagi mo sa akin, nauunawaan ko na...'



DIOCESE of
PARRAMATTA

Pastoral Planning Office

Diocesan Ministry Centre, 51-59 Allawah St, Blacktown NSW 2148

☎ 02 8838 3460 📠 02 8838 3462 ✉ pastoralplanning@parracatholic.org

Plenary 2020

Pakikinig at Pag-uusap



SAMA-SAMANG
MAGDASAL



BASAHIN ANG
TANONG AT
PAG-ISIPAN



MAKIBAHAGI
AT MAKINIG



MAGDASAL
AT TUMUGON

04

MAGDASAL AT
TUMUGON

MAGDASAL

Sa katapusan ng inyong unang usapan at pakikinig, kayo ay aanyayahang sama-samang magdasal. Magagamit mo ang mga salita sa ibaba, o baka naisin mong magdasal ng isang pasasalamat sa sarili mong mga salita.

Panginoong Lumikha, pinasasalamatan ka namin sa pakikipag-ugnayan namin sa isa't isa sa araw na ito. Alam namin na kapag may dalawa o tatlong tao sa grupo, ikaw ay naroon kasama namin. Salamat sa pagsama mo sa amin at para sa lakas ng loob na magsalita nang malakas at marubdob, at sa kababaang-loob upang makinig nang may mga pusong bukas. Hinihiling naming patuloy kang sumama sa amin, habang tinutuklas namin ang landas tungo sa kinabukasang iyong ihinaharap sa amin.
Amen.

PAGTUGON

Ang iyong opinyon ay mahalaga sa paghugis ng kinabukasan ng Simbahan. Sa website ng Plenary Council, makikita mo ang **SUBMISSION** link (link sa PAGESUMITE). Ito ang magiging pagsumite mo sa Plenary Council. Mula sa araw ng Pentecost (Mayo 20, 2018), makakapagsumite ka ng nakasulat na tugon nang direktso sa Plenary Council team online sa [Ito ang magiging pagsumite mo sa Plenary Council. Mula sa araw ng Pentecost \(Mayo 20, 2018\), makakapagsumite ka ng nakasulat na tugon nang direktso sa Plenary Council team online sa \[plenarycouncil.catholic.org.au\]\(https://www.plenarycouncil.catholic.org.au\)](https://www.plenarycouncil.catholic.org.au)

Magbigay ng Iyong Opinyon, MAGSUMITE ONLINE

ANG TATLONG TANONG PARA SA IYONG ISUSUMITE AY:

1. Ano sa palagay mo ang hinihiling ng Diyos sa atin dito sa Australya sa panahong ito?
2. May mga tanong ka ba tungkol sa kinabukasan ng Simbahan para isaalang-alang ng Plenary Council sa 2020?
3. May kuwento ka ba ng iyong karanasan sa paniniwala, o sa Simbahan na nais mong ibahagi?

Oo, nais kong ako ay kontakin ng Plenary Council tungkol sa pagbabahagi ng karagdagang detalye ng aking kuwento. Ang mga detalye ng pagkontak sa akin ay:

PANGALAN _____

EMAIL _____

MOBILE _____



DIOCESE of
PARRAMATTA

Pastoral Planning Office

Diocesan Ministry Centre, 51–59 Allawah St, Blacktown NSW 2148

☎ 02 8838 3460 📠 02 8838 3462 ✉ pastoralplanning@parracatholic.org



**Salamat sa paglahok mo sa
proseso ng Pakikinig at Pag-uusap
ng Plenary Council.**

**Ang iyong isinumite online ay
tutulong sa pagbuo ng agenda
para sa Plenary Council sa 2020.**



Plenary Council 2020

'Listen to what the Spirit is saying...' REV 2:7

LUMAHOK SA USAPAN   

 [PARRACATHOLIC.ORG/HAVEYOURSAY](https://parracatholic.org/haveyoursay)



**DIOCESE of
PARRAMATTA**

Pastoral Planning Office

Diocesan Ministry Centre, 51–59 Allawah St, Blacktown NSW 2148

☎ 02 8838 3460

📠 02 8838 3462

✉ pastoralplanning@parracatholic.org